

OITA UNIVERSITY
AMED
jiCA
JAPOHR project
Ang kwento ni Aling Maritess
1
Si Aling Maritess ay nakagat ng hindi kilala at pagala galang aso sa kaliwang daliri.
2
Naniniwala sya na dahil maliit lamang ang sugat ay hindi delikado ang kagat. Natatakot din sya sa maaaring gastusin kapag sya ay nagpunta sa isang Animal Bite Treatment Center na anim na minuto lamang mula sa kanyang bahay gamit ang sasakyan. Dahil sa mga nasabing kadahilanan, siya ay nagpasya na lamang na magpunta sa tradisyunal na manggagamot.
3
Pagkatapos ng isang buwan mula ng sya ay nakagat, nagkaroon sya ng sintomas ng rabies, tulad ng pakiramdamng nalulunod sa tuwing may hangin(aerophobia) at tubig(hydrophobia).
4
Dinala sya sa ospital ngunit kalaulan sya ay pumanaw din.
AMBULANCE
5
Si Aling Maritess ay sinuri ng ospital at napagalamanan na ang ikinamatay nya ay rabies. Siya ay 40 na taong gulang lang.
6

# LAGING TANDAAN:





Ang pagkonsulta sa isang tradisyunal na manggagamot ay maaaring mas madali at mas mura, ngunit hindi ito epektibo laban sa rabies.

Sa kaso ng isang insidente ng kagat, magtungo sa ABTC para magpakonsulta. Kung bakuna para laban sa rabies ang ibibigay, siguraduhing makukumpleto and mga susunod pang bakuna sa takdang araw na pinapabalik.

JAPOHR project
Japan and Philippines

OITA UNIVERSITY

AMED

JICA